| GRADES 1 to 10 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am MARIANNE MANALO PUHI | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 19 - 23, 2024 (WEEK 4) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **LAYUNIN** | | | | | |
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Nauunawaan ang ugnayan ng simbolo at tunog | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon F2TA-0a-j-2 | Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon F2TA-0a-j-3 | Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon F2TA-0a-j-2 | Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon F2TA-0a-j-3 | Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon F2TA-0a-j-3 |
| **Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan** | Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isang pangyayaring naobserbahan F2PS-Ib-5.3<br>Makasali sa usapan gamit ang telepono | Nakikilala ang mga tunog na bumubuo sa pantig ng mga salita F2KP-Id-5<br>Nakikilala ang mga anyo ng pantig (P, KP, PK) | Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, pangyayari at mga bagay F2WG-Ic-e-2<br>Natutukoy ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop o pook | Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento batay sa tunay na pangyayari F2PB-Id-3.1.1<br>Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa kuwentong binasa | Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwento batay sa tunay na pangyayari F2PB-Id-3.1.1<br>Nahuhulaan ang susunod na mangyayari sa kuwentong binasa |
| **NILALAMAN** | Aralin 4<br>Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan<br>Usapan sa Telepono | Aralin 4<br>Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan<br>Pagkilala ng Anyo ng Pantig | Aralin 4<br>Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan<br>Tanging Ngalan ng Tao, Bagay, Hayop o Pook | Aralin 4<br>Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan<br>Pagbibigay Hula sa Susunod na Mangyayari sa Kuwento | Aralin 4<br>Ang Batang Uliran, Laging Kinalulugdan<br>Pagbibigay Hula sa Susunod na Mangyayari |
| **KAGAMITANG PANTURO** | C.G 2016 Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G 2016 Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G 2016 Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G 2016 Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G 2016 Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 |
| **Sanggunian** | | | | | |
| **Mga pahina sa Gabay ng Guro** | 22-23 | 23-24 | 24-25 | 25-26 | 26-27 |
| **Mga pahina sa Kagami-tang Pang Mag-aaral** | LM in Filipino Yunit 3 pahina 50-54 ,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 55-57,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 58-62 , soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 62-66, soft copy | |
| **Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| **Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | puzzle at larawan ng telepono | | | larawan ng isang halaman at isang ligaw na hayop | |
| **Iba pang Kagamitang Panturo** | laptap | laptap | laptap | laptap | |
| **PAMAMARAAN** | | | | | |
| **Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | Paunang Pagtataya<br>Ipakuha ang sagutang papel, panulat at Kagamitan ng Mag-aaral.<br>Pasagutan ang "Subukin Natin" sa LM pahina 50.<br><br><br>Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.<br>1. Si Aling Rosa ay mamimili sa palengke. Ang<br>salitang may salungguhit ay pangngalang<br>nagbibigay ngalan sa ______.<br>a. bagay b. hayop c. tao<br>2. Alin sa mga sumusunod ang tanging ngalan ng<br>bagay?<br>a. bag b. lapis c. Mongol<br>3. Alin sa mga salita ang nagpapakita ng kayarian ng pangngalan na may<br>katinig-patinig?<br>a. araw b. itlog c. keso<br>4. Anong kayarian ang unang pantig ng salitang<br>akda?<br>a.P b. KP c. PK<br>5. May mahabang pagsusulit si Emma sa Filipino. Hindi siya nakapag-aral nang nakaraang gabi dahil nanood lamang siya | Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G pahina<br>Tukoy-Alam<br>Pagtukoy ng mga letra ng alpabeto ng mother tongue.<br>Magbigay ng salitang nag-uumpisa sa bawat letra. | Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G pahina<br>Tukoy-Alam<br>Linangin ang salitang halamanan.<br>Ano-ano ang makikita dito?<br>Magpagawa ng larawan nito sa pamamagitan ng<br>paggugupit ng mga colored paper o lumang magasin. | Ipagawa ang Tukoy-alam sa TG pahina<br>Tukoy-Alam<br>Anong palabas sa telebisyon ang iyong napanood?<br>Nagwakas na ba ito?<br>Ano kaya ang susunod na mangyayari dito?<br>* Kung wala naman napanood ang mga bata, maaaring magbasa ang guro<br>ng isang maikling kuwento o kaya naman ay magpakita ng isang larawan na<br>may sitwasyon. Itanong pa rin sa mga bata kung ano sa palagay nila ang<br>susunod na mangyayari ditto<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Pamamaraan<br>Hatiin ang klase sa ilang pangkat.<br>Unang Pangkat – Kagigising pa lamang ay nakikipaglaro na si Marie sa mga<br>bata sa kalsada. Ilang ulit na siyang tinatawag ng kaniyang nanay ngunit hindi<br>siya sumunod. Patuloy pa rin siyang nakikipaglaro.Nilapitan siya ng nanay.<br>Isadula ang sitwasyon ang hulang susunod na mangyayari.<br>Ikalawang Pangkat – Maraming nakabarang basura sa kanal at estero. Pati<br>ang ilog ay hindi na rin dumadaloy sa dami ng basura. May darating na bagyo. Marami raw itong dalang ulan ayon sa ulat ng panahon. Iguhit ang inyong hula sa susunod na mangyayari.<br>Ikatlong Pangkat – Maraming bunga ang tanim na gulay at prutas ni Aling<br>Seling sa likod bahay. Isang araw, nangailangan si Aling Seling ng pera |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ng telebisyon. Marahil siya ay<br>________________.<br>a. makakapasa sa pagsusulit<br>b. hindi papasok sa paaralan<br>c. hindi makakapasa sa pagsusulit | | | | upang ipambili ng bigas.<br>Isulat ang hula ninyong susunod na mangyayari.<br>Ikaapat na Pangkat – Tuwing walang pasok, nanonood sa pagluluto ng ina si<br>Anabel. Natututuhan na niya ang mga paraan ng pagluluto. Isang araw, nagkasakit ang ina ni Anabel. Hindi ito makapagluluto. Isalaysay ang hula<br>ninyong susunod na mangyayari. |
| **Paghahabi sa layunin ng aralin** | Tukoy-Alam<br>Ipabuo ang pasel ng telepono.<br>Ano ang nabuong larawan?<br>Saan ito ginagamit?<br>Paano ito gamitin?<br>Paglalahad<br>Paano mo aanyayahan ang kaibigan mo sa isang pagtitipon ngunit<br>malayo ang kanilang tirahan.<br>Pagpapayaman ng Talasalitaan<br>Pumili ng mga salita sa kahon na kasingkahulugan ng salitang may<br>salungguhit sa pangungusap.<br>Isulat ang sagot sa kuwaderno.<br>tiyak pumunta pumayag kinuha inimbita<br>1. Inanyayahan ni Jackie si Lani sa kaniyang kaarawan.<br>2. Tumunog ang telepono at mabilis na dinampot ni Lani.<br>3. Gusto ni Jackie na dumalo si Lani para sa kaniyang kaarawan. | Paglalahad<br>Ipaawit ang Alpabetong Filipino.<br>Ilang letra ang bumubuo sa Alpabetong Filipino?<br>Ipabasa ang tsart ng Alpabetong Filipino na makikita sa LM pahina 55. | Paglalahad<br>Ano ang mararamdaman mo kung masira ang iyong halamanan?<br>Pagpapayaman ng Talasalitaan<br>Hanapin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit<br>sa pangungusap.<br>hardin palaisipan palamuti sa leeg inalam<br>1. Isang misteryo ang nangyari sa halamanan.<br>2. Napakaganda ng halamananni Helen.<br>3. Tamang-tamang gawing kuwintas ang mga bulaklak.<br>4. Nag-imbestiga si Mang Rodel sa tunay na nangyari.<br>Ano ang ibig sabihin ng misteryo? Halamanan? Kuwintas? Nagimbestiga?<br>Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salita. | Paglalahad<br>Ipakita ang larawan ng isang halamanan at ng isang alpas o ligaw na hayop.<br>Ano kaya ang susunod na mangyayari? | |



| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Nagpaunlak si Lani na isasama ang bunsong kapatid. Ano ang ibig sabihin ng inanyayahan? Dinampot? Dumalo? Nagpaunlak? Ipagamit ang mga ito sa sariling pangungusap. | | | | |
| **Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Basahin ang usapan sa telepono sa "Basahin Natin" pahina 51.<br>Ang Paanyaya<br><br>Linggo ng hapon habang nanonood ng telebisyon si Nora, tumunog ang telepono.<br>Lani : Hello! Magandang hapon. Sino po sila?<br>Jackie : Hello! Si Jackie ito. Nandiyan po ba si Lani?<br>Lani : Si Lani ito. Bakit ka napatawag?<br>Jackie : Nais kitang anyayahan bukas sa aking kaarawan. Isama mo na rin ang bunso mong kapatid.<br>Lani : Sige, umasa ka na pupunta kami.<br>Jackie : Maraming salamat. Aasahan kita. | <br>sa pahina 55 - sa LM "."<br><br>Aa /ey/ Bb /bi/ Cc /si/ Dd /di/ Ee /i/ Ff /ef/<br>Gg /ji/ Hh /eych/ Ii /ay/ Jj /jey/ Kk /key/ Ll /el/<br>Mm /em/ Nn /en/ Ññ /enye/ NGng /enji/ Oo /ow/ Pp /pi/<br>Qq /kyu/ Rr /ar/ Ss /es/ Tt /ti/ Uu /yu/ Vv /vi/<br>Ww /dobolyu/ Xx /eks/ Yy /way/ Zz /zi/ |  sa pahina<br>Basahin ang kuwentong "Ang Halamanan ni Helen" sa LM, pahina 58<br>Ang Halamanan ni Helen<br><br>Si Helen ay masipag na bata. Ang kanilang halamanan ay nasa kanilang bakuran sa Kalye Maharlika. Alagang-alaga niya ang kaniyang tanim na mga gulay at mga bulaklak. Napakaganda ng kaniyang mga rosas at mga sampagita. Tamang-tama na gawing kuwintas at ipagbili kay Gng. Flores, ang may-ari ng tindahan ng mga bulaklak.<br>Isang umaga, nagising si Helen na sirang-sira ang kaniyang halamanan. Nakatumba ang mga puno ng mga bulaklak. Wala ng dahon ang mga gulay. Nalungkot si Helen. Isang misteryo sa kaniya ang nangyari. Nag-imbestiga si Mang Rodel, ang tatay ni Helen. Inikot niya ang paligid ng bakuran. Pinuntahan din niya ang likod |  sa pahina 62 sa LM<br>Ipabasang muli ang kuwentong "Halamanan ni Helen". | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | bahay at kulungan ng mga hayop. Nakita niya ang mga bakas ng mga paa ng kambing sa buong paligid. Sa hindi kalayuan ay nakita niya si Goryo, ang paboritong alagang kambing ni Helen. | | |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Talakayin ang kuwento.<br>Pasagutan ang Sagutin Natin sa LM pahina 51-52<br>Sagutin Natin<br>1.Sino ang tumawag sa telepono?<br>2. Ano ang mahalagang mensahe niya para kay Lani?<br>3. Paano ipinakita ni Lani ang pagiging magiliw niya sa pakikipag-usap sa telepono? Kung ikaw si Lani, dadalo ka rin ba? Bakit? Bakit hindi?<br>4. Kung ikaw naman si Jackie, iimbitahan mo rin ba ang iyong mga kaibigan sa iyong kaarawan? Bakit? Bakit hindi?<br>5. Paano nag-usap ang magkaibigan sa telepono?<br>6. Anong magagalang na pananalita ang ginagamit natin sa pakikipag-usap sa telepono? | Sagutin Natin<br>sa pahina 55 sa LM<br>Ilang letra ang bumubuo sa Alpabetong Filipino?<br>1. Paano binibigkas ang bawat letra ng alpabeto?<br>2. Ilan sa mga letra ang patinig? Ano-ano ito?<br>3. Ilan sa mga letra ang katinig? Ano-ano ito? | Sagutin Natin<br>pahina 59 sa LM,<br>A. Sagutin ng Tama o Mali batay sa binasang kuwento.<br>1. Mahilig magtanim ng halaman si Helen.<br>2. Nagising si Helen na maraming bunga ang kaniyang mga gulay.<br>3. Tinulungan si Helen ng kaniyang ama sa paghahanap ng dahilan ng pagkasira ng halamanan.<br>4. Hindi nila natuklasan ang totoong dahilan ng pagkasira ng halamanan.<br>5. Dahil masipag si Helen, muli niyang aayusin ang mga halaman.<br>B. Sagutin ang mga tanong.<br>1. Anong mga salita ang may salungguhit sa kuwento?<br>2. Paano isinulat ang unang letra ng salitang may salungguhit? | Sagutin Natin<br>pahina 62 sa LM<br>Ano kaya ang nangyari nang malaman ni Helen na nakawala si Goryo?<br>1. Sa palagay mo, sino ang sumira ng halamanan ni Helen?<br>2. Dahil paborito niya ang alagang kambing, sasaktan ba niya ito?<br>3. Ano kaya ang gagawin ni Helen sa kaniyang halamanan?<br>4. Ano kaya ang gagawin ni Helen sa kulungan ng kambing?<br>5. Ano naman ang gagawin niya upang hindi na masira ang mga halaman kung sakaling may muling nakawalang hayop? | |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pahalagahan Natin<br>Isulat ang Tama kung wasto ang ipinapakita sa paggamit ng telepono at Mali kung hindi wasto. | Pahalagahan Natin<br>Ang kaalaman natin sa pantig ay mahalaga sapagkat ito ay pundasyon sa ating pagkatuto sa pagbasa. | Pahalagahan Natin<br>Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung tama ang gawain at malungkot na mukha ☹ kung mali.<br>1. Nagtatanim ako ng mga halaman at bulaklak | Pahalagahan Natin<br>Iguhit ang ◎ kung dapat gawin at 🛇 kung hindi dapat gawin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.<br>1. Maging masaya at tanggapin ang hindi | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1. Sinisigawan ko ang aking kausap kapag hindi ko gustong makipag-usap.<br>2. Masaya kong sinasagot ang tawag sa telepono.<br>3. Binabagsakan ko ng telepono ang tumatawag sa akin.<br>4. Hindi ko ibinibigay ang tawag para sa aking ate at kuya.<br>5. Inililista ko ang iniiwang impormasyon ng tumatawag na hindi para sa akin. | | sa aming bakuran.<br>2. Pinapakain ko ang aking mga alagang hayop.<br>3. Pinipitas ko ang mga bulaklak upang<br>paglaruan.<br>4. Binubunot ko ang mga halamang hindi<br>namumulaklak.<br>5. Dinidilig ko araw-araw ang aming mga tanim. | magandang nangyari.<br>2. Umiwas sa mga tao.<br>3. Maging masipag at masayahin.<br>4. Magmukmok sa isang tabi at umiyak.<br>5. Muling simulan ang gawain. | |
| **Paglinang sa kabihasaan ( Leads to Formative Assessment )** | Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 52<br><br>anuman Maraming salamat Hello! Maaari Pakisabi<br>Basahin ang usapan sa telepono. Piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot sa patlang.<br>Marie : _______! Sino po sila?<br>Mark : Hello! Si Mark ito. _______ ko bang makausap si Angelo?<br>Marie : Si Marie po ito. Wala po si Kuya Angelo. May ipagbibilin po ba kayo?<br>Mark : ________ dalhin niya ang kaniyang bola<br>bukas? Maglalaro kami ng basketbol pagkatapos ng aming klase.<br>Marie : Iyon lamang po ba ang bilin ninyo?<br>Mark : Oo, iyon lamang. ___________, Marie.<br>Marie : Wala pong _________. | Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 56<br>Tukuyin ang kayarian ng pantig. Isulat sa<br>sagutang papel ang P kung Patinig, KP kung Katinig-<br>Patinig, PK kung Patinig-Katinig.<br>1. ta 2. lu 3. si 4. o 5. in<br>6. at 7. ur 8. a 9. ik 10. u | Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina 60<br>Piliin at isulat sa sagutang papel ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar sa kahon.<br>ate ibon pamilihan<br>bata Mongol parke<br>damit Muning Pilipinas<br>doktor Nelia relo<br>G.Cruz ospital sapatos | Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina 63<br><br>Hulaan ang susunod na mangyayari sa sumusunod na sitwasyon.<br>1. May butas na ang bubong ng bahay nina Aling Nena. Hindi niya ito naipagawa sa kaniyang asawa. Isang araw, bumuhos ang malakas na ulan.<br>2. Sabay-sabay na tumigil ang mga sasakyan nang maging pula ang ilaw trapiko. Naglakad na ang mga tao. May isang matanda na mahina na at mabagal lumakad.<br>3. Masayang nakikipaglaro si Carlo ng basketbol sa kaniyang mga kaibigan. Hindi niya napansin ang balat ng saging sa lugar na kaniyang pinaglalaruan.<br>4. May isang pasahero na nakaiwan ng bag sa taxi. Nalaman ng tsuper na may laman itong pera. Nakakita siya ng pangalan at tirahan ng may-ari ng bag.<br>5. Sobra ang pagkain ni Marco ng kendi at matatamis. Ayaw niyang kumain ng kanin at mga lutong ulam sa bahay. | |

<table>
<tr><th></th><th></th><th></th><th></th><th></th><th></th></tr>
<tr>
<td>G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay</td>
<td>Pangkatin ang mga bata.<br>Ipagawa ang Sanayin Natin sa LM pahina 53<br><br><br><br>Humanap ng kapareha. Bumuo ng usapan sa telepono gamit ang isa sa mga sitwasyon.<br>1. Nais mong magtanong sa iyong kaklase tungkol<br>sa inyong takdang aralin dahil ikaw ay lumiban<br>nang araw na iyon.<br>2. Tumawag ang kaklase ng ate mo. Wala ang<br>ate mo. Nais ipagbilin ng tumawag na manghi-hiram siya ng aklat sa Filipino.<br>3. Tumawag ka sa iyong guro upang sabihing<br>liliban ka dahil may sakit ka.<br>4. Tumawag ang iyong kaibigan upang imbitahan<br>kang maglaro sa kanilang bahay.</td>
<td>Pangkatin ang mga bata. Ipagawa ang Sanayin Natin sa LM pahina 56<br><br><br>Gamit ang malaking kahon, punan ang tsart<br>ayon sa kanilang kayarian. Gawin ito sa kuwaderno.<br>
<table>
<tr><td>u</td><td>as</td><td>ro</td><td>i</td></tr>
<tr><td>as</td><td>pi</td><td>om</td><td>ga</td></tr>
<tr><td>ok</td><td>to</td><td>o</td><td>ma</td></tr>
<tr><td>e</td><td>ni</td><td>bo</td><td>at</td></tr>
</table>
<br>
<table>
<tr><th>Patinig</th><th>Katinig-Patinig</th><th>Patinig-Katinig</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>3.</td><td>3.</td></tr>
<tr><td>4.</td><td>4.</td><td>4.</td></tr>
<tr><td>5.</td><td>5.</td><td>5.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Sanayin Natin sa LM sa pahina 60<br><br><br>Punan ang tsart ng angkop na tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook o lugar.<br>
<table>
<tr><th>Tao</th><th>Bagay</th><th>Hayop</th><th>Lugar</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>3.</td><td>3.</td><td>3.</td></tr>
<tr><td>4.</td><td>4.</td><td>4.</td><td>4.</td></tr>
<tr><td>5.</td><td>5.</td><td>5.</td><td>5.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Sanayin Natin sa LM sa pahina 65<br><br><br>Iguhit sa sagutang papel ang hula mo sa susunod na mangyayari.<br>1. May dalang mainit na sabaw sa mangkok si Aling Cora. Habang naglalakad, natapilok siya.<br>2. May sakit si Abigail. Ayaw niyang uminom ng gamot na reseta ng doktor.<br>3. Gabing-gabi na ay nanonood pa rin ng telebisyon si Jared.<br>Pinatutulog na siya ng ina ngunit ayaw niyang sumunod.<br>4. Naglalakad araw-araw si Daniel sa pagpasok sa paaralan. Itinatago niya ang perang dapat<br>ay pamasahe niya. Nais kasi niyang makaipon upang makabili ng bagong sapatos.<br>5. Maaga pa lamang ay gising na si Aling Lolita.<br>Dala-dala na niya ang basket patungong palengke. Gusto niyang makapili ng mga sariwang isda at gulay na iluluto niya para sa tanghalian.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>H.Paglalahat ng Aralin</td>
<td>Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 54<br><br><br>Ano-ano ang dapat tandaan sa pakikipag-usap sa telepono?<br>Narito ang ilang dapat tandaan sa paggamit<br>ng telepono.<br>1. Gumamit ng magagalang na pananalita sa pagtawag at pagsagot ng telepono.</td>
<td>Basahin ang Ating Tandaan pahina<br>57 <br><br>Ano ang natutunan mo sa aralin?<br>Ang salita ay binubuo ng katinig at patinig. Tinatawag itong pantig. May iba't<br>ibang kayarian ang pantig tulad ng P<br>para sa patinig, KP para sa katinig-patinig,<br>at PK para sa patinig-katinig.</td>
<td>Basahin ang Ating Tandaan pahina 61<br><br><br>Ano makikilala ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop at pook?<br>Ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pook ay tinatawag ding pangngalang pantangi. Ito ay ngalang pantawag sa<br>tiyak na ngalan. Ito ay nagsisimula sa malaking letra.<br>Hal. tao – Edward hayop – Tagpi</td>
<td>Basahin ang Ating Tandaan pahina 64<br><br><br>Ano ang natutunan mo sa aralin?<br>Ang panghuhula sa maaaring kalabasan<br>o susunod na mangyayari ay maaaring gawin<br>ng sinumang nakikinig, nanonood, o bumabasa. Magagawa ito kung nauunawan ang nakapaloob sa kilos o gawain sa isang sitwasyon.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Maging mahinahon sa pagsasalita at panatilihin ang katamtamang lakas ng boses.<br>3. Huwag ibagsak ang telepono bago at pagkatapos gamitin.<br>4. Isulat sa papel ang mahahalagang mensaheng nais ibilin ng tumawag. | | | | |
| **Pagtataya ng Aralin** | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 54<br>Linangin Natin<br><br>Buuin ang usapan sa telepono gamit ang ibinigay na sitwasyon.<br>Tumawag si Angel sa kaniyang nanay. Magpapasundo siya nang maaga dahil masakit ang kaniyang tiyan. Kumain kasi siya ng sorbetes sa labas ng paaralan.<br>Nanay : Hello! Sino po sila?<br>Angel : Ako po ito, si Angel.<br>____________________.<br>Nanay : Ganoon ba? Ano ba ang kinain mo at sumakit ang tiyan mo?<br>Angel :<br>_________________________<br>__________.<br>Nanay : Sige, hintayin mo ako diyan.<br>Angel :<br>_________________________<br>__________.<br>Nanay : Bye!<br>Angel :<br>_________________________<br>__________. | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 57<br>Linangin Natin<br>Kilalanin ang kayarian ng pantig na may salungguhit sa mga salita. Isulat ang P, KP o PK sa sagutang papel.<br><br> | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 61<br>Linangin Natin<br>Hanapin sa pangungusap ang tanging ngalan ng tao, bagay, hayop o pook.<br>1. Ang mag-anak ay nagbakasyon sa Tagaytay.<br>2. Si Doktor Santiago ay manggagamot ng mga hayop.<br>3. Madaldal ang aking alagang si Myna.<br>4. Tahimik ang Barangay Maligaya.<br>5. Leevans ang tatak ng bago kong sapatos.<br><br>Sulatin Natin<br>Ipakita sa mga bata kung paano isulat ang C, A, O, D, I. (Isa-isang letra muna)<br>Bilangan habang ginagawa ito upang mas masundan ng mga bata.<br>Ipasulat ito sa hangin/ sa palad/sa likod ng kaklase.<br>Ipabakat ito sa pisara.<br>Pasulatin nito ang mga bata sa sulatang papel. | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 64<br>Linangin Natin<br>Iguhit sa sagutang papel ang susunod na mangyayari sa kuwentong binasa.<br>Isang Sabado, naglalaro si Lito sa tabing-ilog. Tinawag siya ng mga kalaro at niyayang maligo sa ilog.<br>Umuwi ng bahay si Lito upang magpaalam sa kaniyang tatay. Hindi siya pinayagan dahil malakas ang ulan at lumalakas ang agos ng tubig. Hindi pinakinggan ni Lito ang sinabi ng ama at naligo pa rin siya kasama ang kaniyang mga kaibigan.<br><br>Sulatin Natin<br>Ipakita sa mga bata kung paano isulat ang E,W,L,T,F,G,S. (Isa-isang letra muna)<br>Bilangan habang ginagawa ito upang mas masundan ng mga bata.<br>Ipasulat ito sa hangin/ sa palad/sa likod ng kaklase.<br>Ipabakat ito sa pisara. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Gawin muli ang mga hakbang gamit naman ang ibang letra.<br>A.Ang pagsulat ng mga malalaking letra ng alpabeto ay naaayon sa iba't ibang guhit tulad ng paibabaw na kurba.<br><br>B. Magsanay sumulat ng mga malalaking letra na may paibabaw na kurba. | Pasulatin nito ang mga bata sa sulatang papel.<br>Gawin muli ang mga hakbang gamit naman ang ibang letra.<br>A.Ang pagsulat ng mga malalaking letra ng alpabeto ay naaayon sa iba't ibang guhit tulad ng mga letrang may dalawang kurba.<br>Pag-aralan ang sumusunod at subuking gawin sa iyong kuwaderno.<br><br>B. Magsanay sumulat ng mga malalaking letra na may dalawang kurba gamit ang modelo sa itaas. Gawin ito sa malinis na papel. | |
| **Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | | | | |
| **MGA TALA** | | | | | |
| **PAGNINILAY** | | | | | |
| Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation. | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong?<br>Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor? | | | | | |
| Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |